8

# Modelong Banghay-Aralin sa Values Education

Kuwarter 3

Aralin 1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Values Education 8**
**Kuwarter 3: Aralin 1 (Linggo 1)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panuruang 2023-2024. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Jingle P. Cuevas (Benguet State University)

**Tagasuri**
- Amabel T. Siason (West Viasayas State University)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa kadalisayan sa salita at gawa sa pakikipagkapuwa. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga kilos ng pagiging totoo sa salita at gawa sa kapuwa upang malinang ang pagiging matapat. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Nakapagsasanay sa pagiging matapat sa pamamagitan ng pagtutugma ng salita at kilos ayon sa damdamin at iniisip ng kapuwa na may pagsasaalang-alang sa kahihinatnan nito.<br><br>a. Natutukoy ang mga paglabag sa pagiging totoo sa salita at gawa sa kapuwa (hal. pagsisinungaling, hindi pagtupad sa pangako at tungkulin)<br>b. Naipaliliwanag na ang kadalisayan sa salita at gawa sa pakikipagkapuwa ay patunay ng pagkakaroon ng pananagutan sa katotohanan at mabuting konsensiya, na ang layunin ay ibigay sa kapuwa ang nararapat bilang paggalang sa kaniyang dignidad.<br>c. Nailalapat ang mga kilos ng pagiging totoo sa salita at gawa sa kapuwa. |
| **D. Lilinanging Pagpapahalaga (*Values to be developed*)** | Matapat (Honest) |
| **E. Nilalaman** | Kadalisayan sa Salita at Gawa sa Pakikipagkapuwa<br>a.Paggalang sa Dignidad ng Kapuwa<br>b.Pagsasakilos ng Pagiging Totoo sa Salita at Gawa |
| **F. Integrasyon** | |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|

BetterHelp Editorial Team. (2024, April 24). *What is dignity? | BetterHelp*. https://www.betterhelp.com/advice/general/what-is-the-true-meaning-of-dignity/
Bhasin, H. (2023, June 10). *How to be Honest? 14 Ways To Be Honest and Practice Honesty*. Marketing91. https://www.marketing91.com/14-ways-to-be-honest/

Gcu. (2021, May 20). Weekly devotional: Treating others with dignity and respect. *GCU*. https://www.gcu.edu/blog/spiritual-life/weekly-devotional-treating-others-dignity-respect
Okogba, E. (2017, April 25). *7 types of lies people tell*. Vanguard News. https://www.vanguardngr.com/2017/04/7-types-lies-people-tell/

Staff, Y. (n.d.). *Lucas 6:45*. YouVersion | Ang Bible App | Bible.com. https://www.bible.com/tl/bible/1264/LUK.6.45.ASND

Eyal, N. (2024b, May 3). *An illustrated guide to the 4 types of liars*. Nir And Far. https://www.nirandfar.com/types-of-liars/

McAllister, D. (2024, February 29). *8 Different types of lies people tell*. TheHopeLine.com. https://www.thehopeline.com/different-kinds-of-lies-you-tell/
In-Mind Foundation. (n.d.). *City Research Online - White lies and black lies: What they have in common and how they differ*. https://openaccess.city.ac.uk/id/eprint/20481/

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br><br>Gunitain ang mga makasaysayang pagdiriwang na napag-aralan sa nakaraang aralin. Tukuyin ang mga bayaning sangkot sa mga pagdiriwang at tukuyin ang kanilang mga isinabuhay na *virtues*. Sundan ang unang kahon. | Maaaring maghanda ang guro sa kartolina na siyang pupunan ng mga mag-aaral. Maari namang isahan o dalawahan ang paggawa. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>


Ang virtue na natutuhan sa mga bayani ay mahalagang isabuhay upang mas maging mabuting mamamayan para sa pag-unlad ng ating bayan. Ang mga virtue gaya ng katapatan at kadalisayan sa pananalita at gawa ay mahalaga sa pakikipagkapuwa.
</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>B. Paglalahad ng Layunin</td>
<td>
1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin<br>
2 Truths and a Lie


Gamit ang sagutang papel, magsusulat ang mga mag-aaral ng 2 katotohanan tungkol sa kanilang sarili o sa pamilya at isang kasinungalingan. Ibabahagi ang mga sinulat sa mga kaklase at huhulaan nila alin ang totoo at hindi.<br>
Ipaliwanag na sa ating pang-araw-araw na pakikisalamuha sa iba, bagamat mas marami tayong nasasabi at nagagawang katotohanan, may mga pagkakataon na tayo ay nakagagawa ng paglabag sa katotohanan. Sa araling ito matututuhan kung paano maisasabuhay ang kadalisayan ng salita at gawa. Ang pagsusumikap na maging totoo sa lahat ng pagkakataon ay maaaring makamit kapag umiiwas sa mga gawaing
</td>
<td>Maaaring sa buong klase ibabahagi ang ginawa. Maaaring dalawahan, o tatluhan ang pagbabahaginan.</td>
</tr>
</table>

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
lumalabag sa pagiging totoo gaya ng pagsisinungaling, sadya man ito o hindi, hindi pagtupad sa pangako, pandaraya, at iba pa.<br><br>
2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin<br>
Talakayin ang kahulugan ng mga salita.<br>




</td>
<td>Maaaring palakihin ang mga larawan o ilagay sa PowerPoint</td>
</tr>
<tr>
<td>C. Paglinang at Pagpapalalim</td>
<td>
Kaugnay na Paksa 1: Kadalisayan sa Salita at Gawa: Paggalang sa Dignidad ng Kapuwa<br><br>
1. Pagproseso ng Pag-unawa<br><br>
Ang bawat tao ay nilikha ng Diyos ayon sa Kaniyang larawan at bawat isa ay bukod-tangi (unique). Madalas nakakalimutan natin na ang mga tao sa ating paligid ay kailangang tratuhin nang may pagmamahal, dignidad, at respeto dahil gaya natin, sila ay nilikha rin ng Diyos ayon sa larawan Niya. Ang pag-alam na lahat tayo ay ginawa sa larawan ng Diyos ang siyang mag-uudyok sa atin na tingnan ang halaga ng iba. Ang pagbibigay-halaga sa kapuwa ay nangangahulugang pagpapakita sa pag-ibig ng Diyos sa pamamagitan ng ating salita at gawa.<br>
Ang kadalisayan ng salita ay nagmumula sa puso ng isang tao. Gaya ng nakasulat sa Lukas 6:45, ”Ang mabuting tao ay nagsasalita ng mabuti dahil puno
</td>
<td></td>
</tr>
</table>

ng kabutihan ang puso niya. Ngunit ang masamang tao ay nagsasalita ng masama dahil puno ng kasamaan ang puso niya. Sapagkat kung ano ang nasa puso ng isang tao, iyon din ang lumalabas sa kaniyang bibig.”

Ang mabuting tao ay may mabuting puso kaya siya ay matapat, makatotohanan, at tumutupad sa pangako. Siya ay taos-puso at tumpak sa paglalarawan kung ano mismong nangyari. Nagsasabi siya ng totoong naramdaman kahit na ang paggawa nito ay maaaring humantong sa negatibong kahihinatnan. Ang mga kilos na ito ay nagpapakita ng paggalang sa sarili at sa dignidad ng kapuwa. Sa kabilang banda naman ang masamang tao ay may masamang puso kaya naman madaling nagsisinungaling, nandaraya, nagnanakaw at hindi tumutupad sa binitiwang salita o pangako at kaniyang mga tungkulin.

Samakatuwid, mahalaga na ingatan ang mga pumapasok sa isip at puso dahil ito ay muling lalabas sa ating mga labi, at sa ating mga kilos. Marapat na panatilihing totoo, malinis, at dalisay ang ating isip, salita, at gawa at iwasan ang mga paglabag dito.

**Mga Paglabag sa Pagiging Totoo sa Salita at Gawa sa Kapuwa**

Ang sumusunod ay ilan sa mga paglabag sa pagtaguyod sa katotohan na may masamang naidudulot sa kapuwa.

**A. Pagsisinungaling.** Ang pagsisinungaling ay ang paggawa ng pinaniniwalaang maling pahayag sa ibang tao na may layunin na paniwalaan ng ibang tao na totoo ang pahayag na iyon. Ibig sabihin, may intensiyon na manlinlang. May mga iba’t ibang uri ng pagsisinungaling na ginagawa ang tao.

**Uri ng Kasinungalingan**

**a. Puting Kasinungalingan (*White Lies*)**

Ang puting kasinungalingan ay madalas na tinatawag na hindi gaanong seryoso sa lahat ng kasinungalingan. Ang mga tao ay nagsasabi ng mga puting kasinungalingan na nagsasabing sila ay mataktika o magalang. Halimbawa, maaaring gumawa ito ng dahilan para hindi pumunta sa isang *party*, o pagpapakita ng pagpapahalaga sa isang hindi kanais-nais na regalo.

Magtawag ng mga mag-aaral upang ibahagi ang kanilang mga karanasan sa paglabag ng katapatan o pagiging totoo.

| | | |
|---|---|---|
| | **b. Itim na Kasinungalingan (*Black Lies*)**<br>Pagsisinungaling upang makakuha ng isang bagay sa nilinlang para sa pansariling interes. Halimbawa, kinaibigan ang isang kaklase dahil mabait siya at palaging namimigay ng baon niya. Pero ang totoo ito ay ginawa dahil sa inggit at hindi talaga siya gustong maging kaibigan.<br><br>**c. Ang Kasinungalingang Katha o Gawa-gawa (*Fabrication*)**<br>Ito ay ang pagsasabi sa iba ng isang bagay na hindi mo alam kung totoo. Maaari itong humahantong sa mga tsismis na maaaring makasira sa reputasyon ng ibang tao.<br><br>**d. Kasinungalingan ng Panlilinlang (*Deception*)**<br>Sinusubukan ng isang manlilinlang na iligaw ang iba sa pamamagitan ng hindi pagsasabi ng lahat ng katotohanan, o paglikha ng maling kuwento. Maaari itong maging banayad ngunit nakakasakit at nakamamatay.<br><br>**B. *Academic Dishonesty***<br><br>**a. *Plagiarism***<br>Ang *plagiarism* ay parehong pagnanakaw at pagsisinungaling. Binubuo ito ng pagkopya sa gawa ng ibang tao at tawagin itong sarili mo. Ang *plagiarism* ay isang napakaseryosong gawa. Ang ilang mga mag-aaral sa kolehiyo at nagtapos ay natanggal pa sa paaralan dahil dito.<br><br>**b. Pandaraya (*Cheating*)**<br>Ito ay ang anumang pagtatangka na magbigay o makakuha ng tulong sa isang pang-akademikong gawain gaya ng pagsusulit, mga proyekto, takdang aralin, at iba pa.<br><br>**c. Panloloko (*Forgery or Falsification of Documents*)**<br>Anumang kilos ng paggamit, panggagaya, at pagnanakaw ng mga maling dokumento, impormasyon, at lagda para makapanlinlang ng iba.<br><br>**C. Pagsira o Hindi Pagtupad sa Pangako**<br>Ang pangako ay isang deklarasyon ng isang tao na may komitment o isang katiyakan na gagawin o iiwasan ang isang bagay. Ang mga nasirang pangako ay isang kabiguan sa pagtupad ng binigkas na pangako ng isang tao. Ang mga nasirang pangako ay | |

maaaring maging lalong nakakapinsala kapag ang taong nangako ay walang anumang intensyon na tuparin ang kanilang salita sa simula pa.

**Pamprosesong Katanungan:**
1. Ano ang mga maaaring epekto ng mga paglabag na ito sa relasyon ng tao sa kapuwa?
2. Sa palagay mo, bakit kaya nilalabag ng mga tao ang kanilang pangako o mga binitiwang salita?
3. Bilang isang mag-aaral, ano ang gagawin mo upang makaiwas sa mga pang-akademikong pandaraya?
4. May mga personal na karanasan o obserbasyon ka ba ukol sa mga paglabag na natalakay? Magbahagi.

**IKALAWANG ARAW**

Ang mga paglabag sa pagiging totoo ay nakakasira sa respeto, relasyon, at reputasyon ng kapuwa kaya mahalagang mapanatili ang katapatan sa lahat ng oras. Ang katapatan ay nagmumula sa dalisay na isipan. Kapag malinis ang ating isip magiging malinis din ang ating mga intensiyon at hindi natin hahangarin ang magsinungaling o mandaya ng sinuman. Ang malinis na isipan ay nagbubunga ng malinis na pananalita at gawa. Ang mga maruruming pag-iisip ay kadalasang nagmumula sa mga napapanood, nababasa, o sa mga masasamang taong nakapaligid sa atin. Narito ang mga maaaring gawin upang mapanatiling dalisay ang isip, salita, at gawa:

**1. Maging mapili sa mga pinapanood, binabasa at kinakasalamuha.** Umiwas sa mga bagay o taong nakakaimpluwensiya sa iyo na magsinungaling o mandaya.
**2. Magbasa ng Banal na Kasulatan at iba pang materyales** na maaaring magbigay ng inspirasyon upang maging tapat at gumawa ng mabuti sa kapuwa. Kung palagian itong ginagawa, magsisilbi itong magandang paalala na iwasan ang mga paglabag na tinalakay.
**3. Palagiang magnilay.** Matutong patahimikin ang sarili upang magkaroon ng oras na pag-isipan ang mga binasa sa Banal na Kasulatan

**KATAPATAN SA SALITA**
Ang katapatan ay ang unang katangian na tinitingnan ng sinuman sa ibang tao. Ito ang pundasyon ng ating buhay dahil ito ang kalidad na hinahangaan ng bawat isa.

Ang pagsasabi ng totoo at pagiging tapat ay isang ugali na dapat nakatanim sa tao mula pa pagkabata. Ang taong nagsasabi ng kaniyang saloobin nang may katapaan ay pinagkakatiwalaan ng iba kaya't makakatulong ito sa pagbuo ng pangmatagalan at mas matatag na relasyon at pakikipag-ugnayan dahil ibinibigay mo ang nararapat para sa iba.

**Itanong:**
Ano ang iyong ginagawa upang mapanatili ang kadalisayan ng iyong isipan? Paano it nakakaapekto sa iyong pananalita at gawa?

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

A. Natalakay na ang kadalisayan sa salita ay pagpapakita ng paggalang sa dignidad ng kapuwa at ang mga paglabag dito ay nakakasira sa relasyon. Basahin ang mga situwasyon at isulat kung ano ang gagawin mo. Magbigay ng maiksing paliwanag sa iyong kasagutan.




**Pinatnubayang Pagsasanay**
Maaaring dagdagan ang mga situwasyon.

B. Ipaliwanag paano makakatulong ang talata sa Philippians 8:4 na maging dalisay ang ating isip at salita:  Bilang pagtatapos, mga kapatid, lagi ninyong isaisip ang mga bagay na karapat-dapat at kapuri-puri: mga bagay na totoo, marangal, matuwid, malinis, kaibig-ibig, at kagalang-galang.

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

Isipin ang mga pagkakataong nilabag mo ang katotohanan gaya ng pagsisinungaling o hindi pagtupad sa pangako o tungkulin.  Ano sa palagay mo ang naging epekto nito sa iyong sarili at sa iyong relasyon sa kapuwa?  Paano mo ito inayos o itinuwid?




## IKATLONG ARAW

**Kaugnay na Paksa 2: Pagsasakilos ng Pagiging Totoo sa Salita at Gawa**

**1. Pagproseso ng Pag-unawa**

Ang katapatan ay nakikita sa salita at gawa.  Masasabing tapat ang isang tao kung:

- Sinasabi lahat ang totoong kuwento o pangyayari at walang tinatagong anuman.

- Gumagawa ka dahil may paggalang at respeto sa kapuwa hindi para linlangin o paniwalain sila sa mali.
- Ibinabahagi mo lang sa iba ang totoong alam mo tungkol sa ibang tao. Hindi ka ngkakalat ng maling impormasyon sa iba gaya ng tsismis.
- Inaamin mo ang iyong pagkakamali kahit na alam mong may hindi magandang idudulot ito sa iyo. Hindi mo ikinakaila kapag may nagawa kang paglabag lalo na sa mga alituntunin.

**Itanong:**

1. Ano ang mga hakbang na maaari mong gawin para palakasin ang iyong katapatan?
2. Paano mo haharapin ang mga pagkakataon kung saan kailangan mong maging tapat, kahit ito ay mahirap gawin?
3. Ano ang mga halimbawa ng mga tao sa iyong buhay na nagpapakita ng katapatan?

**Pagpapakita ng Katapatan sa Sarili**

Ang katapatan sa kapuwa ay nagsisimula sa katapatan sa sarili. Narito ang ilan sa mga paraan upang maipakita ang katapatan sa sarili:

- Tanggapin mo ang iyong mga kahinaan, pagkukulang, at mga kapintasan ng hindi kinukutya ang sarili.
- Pagtanggap sa kahihinatnan ng iyong mga desisyon at kilos.
- Pagbabahagi sa iyong tunay na kaisipan, saloobin, at nararamdaman ng taos sa puso.
- Paggawa ng mga gustong-gusto mong gawin nang malaya, masaya, at walang pakiramdam na ikaw ay nagkakasala.

**Mga Gawaing Nagpapakita ng Pagiging Totoo sa Kapuwa**

- Pagpapakumbaba at pagtanggap sa iyong pagkakamali. Humingi ng paumanhin kung kinakailangan.
- Piliing huwag magsinungaling, mandaya, o magnakaw. Ibalik ang hindi sa iyo.
- Kunin lang ang para sa iyo. Huwag pag-interesan ang pag-aari ng iba.

| | | |
|---|---|---|
| | • Pagbabahagi ng iyong nararamdaman nang may respeto.<br>• Tuparin ang bawat pangakong binitiwan. Huwag mangangako kung hindi ito gayang gawin.<br>Deuteronomio 23:21-23<br>21 “Huwag ninyong kakaligtaang tuparin ang panata ninyo kay Yahweh. Tiyak na sisingilin Niya kayo kapag hindi ninyo tinupad iyon. 22 Hindi kasalanan kung hindi kayo gagawa ng panata. 23 Ngunit kailangang tuparin ang anumang kusang-loob na pangako ninyo kay Yahweh.<br><br>Itanong:<br>1. Ano ang mga hakbang na ginagawa mo para magpakumbaba at tanggapin ang iyong pagkakamali?<br>2. Ano ang mga prinsipyong sinusunod mo upang hindi maging kasangkot sa mga hindi tapat na gawain?<br>3. Paano mo ipinapahayag ang iyong damdamin nang may respeto sa iba?<br>4. Ano ang mga hakbang na ginagawa mo para tuparin ang mga pangakong binitiwan? Paano mo iniiwasan ang pagbibigay ng mga pangako o pagtanggap ng tungkulin na hindi mo kayang gawin?<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br><br>*Truth or Dare* (binagong bersiyon):<br>Bumuo ng pabilog at laruin ang “*Truth or Dare*.” Bago paikutin ang bote, sabihin muna ang paksa o tanong. Kung kanino nakaturo ang bote, sa halip na magpagawa ng bagay na kalokohan, siya ang magbahagi ng isang totoong kuwento bilang tugon sa tanong o paksa. Himukin ang bukas na talakayan pagkatapos.<br><br>**Mga Mungkahing Paksa o Tanong:**<br>A. Nakakatawang panagini (Tanungin ang mga mga-aaral tungkol sa pinakanakakatawang panaginip na naranasan nila.)<br>B. Napautot sa publiko (Sa isang mapaglarong paraan, magtanong kung mayroon nang umutot sa publiko at isinisisi ito sa ibang tao.)<br>C. Nakakahiyang mga kasuotan (Ipabahagi ang pinakanakakahiyang bagay na isinuot sa publiko.)<br>D. Nakapulot ng pera, pitaka, o ibang mahalagang bagay | **Pinatnubayang Pagsasanay**<br>Kung malaki ang klase, hatiin ang klase sa dalawa o tatlo. Magtalaga ng tagapagdaloy sa bawat pangkat.<br><br>Kung kinakailangan manunumpa ang mga mag-aaral na magsasabi sila ng pawang katotohanan lamang. Paalalahanan din ang klase na panatilihin ang *confidentiality*, lalo na sa mga sensitibong impormasyon na ibinihagi ng kamag-aral. |

E. Pagsaksi sa pagnanakaw (May nakita nagnanakaw sa isang tindahan o kantina ng paaralan at ano ang ginawa.)
F. Pag-uulat ng pandaraya (Nasasaksihan ang isang kaklase na nandaraya sa isang pagsusulit.)

**Pamprosesong Katanungan:**

**Tanong para sa mga nagbahagi:**
1. Ano ang pakiramdam na ibahagi ang iyong mga katotohanan sa iba?
2. Nahirapan ka bang maging tapat? Bakit o bakit hindi?

**Tanong para sa buong klase:**
1. Sa iyong palagay, lahat ba ng nagbahagi ng kanilang kuwento ay nagsabi ng totoo? Pangatwiranan ang sagot?
2. Bakit mahalaga ang katapatan sa ating pakikipag-ugnayan sa iba?
3. May naiisip ka bang panahon kung kailan ang pagiging tapat ay may positibong bunga?
4. Paano natin maisasabuhay ang katapatan sa ating pang-araw-araw na buhay higit pa sa paglalaro?

**IKAAPAT NA ARAW**

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**A. Pangako ng Katapatan**
Gumawa ng malaking *poster* o *banner* na may pamagat na **"Ang Aming Pangako ng Katapatan."** Anyayahan ang mga mag-aaral na isulat ang kanilang mga personal na pangako na maging matapat. Ilagay ang *poster* sa isang lugar na nakikita ng ibang mag-aaral.

**B. *Journal* ng Katapatan**
Lumikha ng personal na *Journal* ng Katapatan gamit ang isang *notebook*. Maglaan ng ilang minuto bawat araw para pag-isipan ang iyong mga aksyon at iniisip na may kaugnayan sa katapatan.
Isulat bawat araw ang mga pagkakataon kung saan nagpakita ka ng katapatan o nahaharap sa isang situwasyon kung saan hinamon ang katapatan. Ilarawan kung

| | | |
|---|---|---|
| | ano ang naramdaman mo sa mga sandaling iyon at ang epekto ng iyong mga pagpili. Gawing gabay ang mga tanong na kasunod:<br>a. Mayroon bang situwasyon kung saan natukso akong magsinungaling o magtago ng impormasyon? Paano ko hinarap ang situwasyon?<br>b. Paano ko mapapabuti ang aking katapatan sa mga pakikipag-ugnayan sa hinaharap? | |
| **D. Paglalahat** | **1. Pabaong Pagkatuto**<br>a. Kailan masasabing ang isang tao ay may dalisay na salita at gawa. Ano ang mga patunay?<br><br>b. Bakit mahalagang maging tapat sa pakikitungo sa kapuwa sa pamamagitan ng salita at gawa?<br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>a. Ano ang mga hakbang na maaari mong gawin para mapanatili ang dignidad ng kapuwa sa pamamagitan ng iyong salita at gawa? | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>Sagutin ang mga katanungan.<br>1. Ano ang ibig sabihin ng katapatan?<br>A. Pag-aalaga sa kapuwa<br>B. Pagtupad sa pangako<br>C. Pagtanggap sa iyong pagkakamali<br>D. Pagiging bukas at totoo sa lahat ng aspekto ng buhay<br>2. Ano ang tawag sa pagsisinungaling o paggawa ng kuwento na hindi totoo?<br>A. Katapatan<br>B. Kadalisayan<br>C. Pandaraya<br>D. Pagkukunwari<br>3. Ano ang epekto ng pagsisinungaling sa ibang tao?<br>A. Nawawalan sila ng tiwala<br>B. Nagiging masaya sila<br>C. Nagiging malungkot sila<br>D. Wala itong epekto | Mga sagot:<br>1 D<br>2 C<br>3 A<br>4 D<br>5 D |

4. Ano ang dapat gawin kapag hindi mo kayang tuparin ang iyong pangako?
   A. Magpatulong sa iba
   B. Magbigay ng ibang pangako
   C. Iwasan ang taong pinangakuan
   D. Aminin ang hindi pagtupad at humingi ng paumanhin
5. Alin sa mga kilos ang nagpapakita ng kadalisayan sa salita at gawa?
   A. Pagbabahagi ng buo sa kuwento ng buhay ng kaibigan
   B. Paninindigan na hindi ikaw ang gumawa ng kasalanan
   C. Pagbabahagi ng saloobin sa iba ayon sa iyong nais
   D. Pagbabahagi ng tunay na nararamdaman nang may paggalang

**Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**

**Magtakda ng mga Layunin:**

Batay sa iyong mga pagmumuni-muni, magtakda ng mga partikular na layunin na may kaugnayan sa katapatan. Ilagay ito sa mga 3”x5”na *card*. Maaaring magdisenyo ng sariling *card*.

Halimbawa:

- Palagi kong aaminin ang aking mga pagkakamali, kahit na ito ay hindi komportable.
- Iiwasan kong magtsismis o magkalat ng tsismis.
- Ibabalik ko kaagad ang anumang hiniram na mga bagay.

I-*monitor* ang sarili kung naisasagawa ang mga ito.

| **A. Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na |
|---|---|---|---|---|
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan. |
| **B. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang pagpapatibay sa pananampalataya sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Paano ginampanan ng mga mag-aaral ang kanilang pangkatang gawain?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral na maging matapat sa kabila ng mga mga hamon?*<br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod upang mas maging totoo ang pakikitungo sa kapuwa?* | | | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |